



A Tradition of Stewardship
A Commitment to Service

Kagawaran ng Gawaing Pampubliko

1195 Third Street, Suite 101
Napa, CA 94559-3092
www.countyofnapa.org/publicworks

Telepono: (707) 253-4351
Fax: (707) 253-4627

Steven E. Lederer
Direktor

Kontak: Graham Wadsworth, P.E., Superbisor ng Inhinyeriya sa
Graham.Wadsworth@countyofnapa.org

PARA SA AGARANG
PAGPAPAHAYAG
Abril 2, 2019

Pagpapahaba ng Devlin Road, Bahagi E, Projekto ng Napa County RDS 11-06

Simula sa buwan ng Abril 2019 hanggang sa buwan ng Pebrero 2020, ang Ghilotti Construction Company ay magtatayo ng isang bagong 1,100 talampakan na tatlong-daanang kalsada na may 92 talampakan na tulay na tatawid ng Fagan Creek at isang Class I na daanang may maramihang gamit para sa mga tumatawid na tao at bisikleta. Ang Bahagi E ng Devlin Road at Tulay sa ibabaw ng Proyekto ng Fagan Creek ay magdudugtong sa Airpark Road at Tower Road. Ang proyekto ay pinondohan ng Traffic Mitigation Fee at ng Gawad ng Tire Derived Aggregate ng CalRecycle.

Sa panahon ng konstruksyon maaaring makaranas ang publiko ng karagdagang trapiko na dulot ng konstruksyon sa Devlin Road, Airport Boulevard, Tower Road, Highway 12 at Highway 29. Ang mga oras ng konstruksyon ay 7:00AM hanggang 5:00PM. Maaaring sa maikling panahon ay kailanganing magsara ng mga isahang daanan sa kahabaan ng Tower Road upang magawa ang kinakailangang trabahong pang-utilidad at paglalalatag.

Ipapaskil buwan-buwan ang impormasyon tungkol sa progreso ng konstruksyon sa web site ng proyekto: <https://www.countyofnapa.org/1611/Devlin-Road-Segment-E-Project-RDS-11-06>

Mangyaring makipag-ugnayan kay Graham Wadsworth ng tanggapang ito sa pamamagitan ng telepono sa (707) 259-8331, o sa pamamagitan ng email sa Graham.Wadsworth@countyofnapa.org kung mayroong anumang mga tanong o mga komento.

Ang Lupon ng mga Superbisor at ang mga kawani ng Napa County ay naninindigan sa pagpepreserba at pagsusustena ng Napa County para sa kasalukuyan at susunod pang mga henerasyon bilang isang komunidad na may malaking bukas na espasyo, isang masiglang industriyang agrikultural at isang may kalidad na kapaligirang pang-tao at pang-kalikasan. Bisitahin kami sa Web sa www.countyofnapa.org.